7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Aralin
4

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7**
**Kuwarter 3: Aralin 4 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Jingle P. Cuevas (Benguet State University)

**Tagasuri:**

- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**VALUES EDUCATION / KUWARTER 3 / BAITANG 7**

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa paggalang sa mga kaugalian ng kapuwa na nakaugat sa pananampalataya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang wastong pagtugon sa mga kaugalian ng kapuwa na nakaugat sa pananampalataya bilang tanda ng pagiging magalang. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging magalang sa pamamagitan ng pagiging sensitibo sa oras at gawain ng kapuwa na kabilang sa ibang pananampalataya.<br>a. Natutukoy ang iba't ibang kaugalian ng kapuwa na nakaugat sa pananampalataya.<br>b. Naipapaliwanag na ang paggalang sa iba't ibang kaugalian ng kapuwa na nakaugat sa pananampalataya ay nakatutulong sa pagpapanatili ng mapayapang ugnayan sa kabila ng pagkakaibaiba ng sistema ng paniniwala.<br>c. Naisasakilos ang wastong pagtugon sa mga kaugalian ng kapuwa na nakaugat sa pananampalataya. |
| **C. Nilalaman** | Paggalang sa mga Kaugalian ng Kapuwa na Nakaugat sa Pananampalataya<br>a. Mapayapang Ugnayan: Bunga ng Paggalang sa mga Kaugalian ng Kapuwa na Nakaugat sa Pananampalataya<br>b. Pagsasakilos sa mga Wastong Tugon sa mga Kaugalian ng Kapuwa na Nakaugat sa Pagkakaiba-iba ng Sistema ng Pananamplataya |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Magalang (*Respect*) |
| **E. Integrasyon** | *SDG# 10: Reduced Inequalities*<br>*Inclusive Education* |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Cetenta, D. R. M., & Cetenta, D. R. M. (2019, October 31). *Pagdiriwang ng Undas ng mga Pilipino, nakaugat sa pananampalataya.* Palawan Daily News. https://palawandailynews.com/provincial-news/pagdiriwang-ng-undas-ng-mga-pilipino-nakaugat-sa-pananampalataya/ |

Church, M., & Carreau, G. (2023, July 2). *11 Ways to respect and be open to all beliefs - WikiHow.* wikiHow. https://www.wikihow.com/Respect-and-Be-Open-to-All-Beliefs

Gray, S. (2023, April 4). The history behind 7 Passover Traditions. *TIME.* https://time.com/5188494/passover-history-traditions/

*Hahn, B. (2023, March 20). Respecting religious beliefs in the classroom. Professional Learning Board. https://professionallearningboard.com/respecting-religious-beliefs-in-the-classroom/*

*Lesson Ideas: The World's Religions | Education World.* (n.d.). https://www.educationworld.com/a_lesson/world-religions-multicultural-diversity.shtml

*Lesson 3 we respect the beliefs of others.* (2021, May 2). [Slide show]. PPT. https://www.slideshare.net/AlpheZarriz/lesson-3-we-respect-the-beliefs-of-others

OHCHR. (n.d.). *Combating intolerance against persons based on religion or belief.* https://www.ohchr.org/en/minorities/combating-intolerance-against-persons-based-religion-or-belief

That, S. (2023b, December 5). *Storyboard templates.* Storyboard That. https://www.storyboardthat.com/create/storyboard-templates-home

Villanueva, V.M. (2018). #*ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

Mga sanggunian sa larawan:

*Religious freedom brings peace, and not just world peace | RFBF.* (n.d.). https://religiousfreedomandbusiness.org/2/post/2020/10/religious-freedom-brings-peace-and-not-just-world-peace.html

*Somalia Joins Muslim world in celebrating Eid al-Fitr.* (n.d.). Openverse. https://openverse.org/image/2f71e34c-104a-4f50-94b8-8f58b5c2038e?q=Eid%20al-Fitr

*Torah.* (n.d.). Openverse. https://openverse.org/image/30921544-0a6e-4d98-89f7-9c9432d75682?q=Torah

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Isulat sa kahon sa unang hanay ang mga uri ng pakikipagkaibigan na napag-aralan at sa kabilang hanay ay ang mga positibong dulot ng pakikipag-kaibigan. Maghanda sa pagpapaliwanag ng kasagutan.<br> | Ito ay isang modelong banghay-aralin lamang. Maaaring baguhin ng guro ang mga gawain na naaayon sa kasanayan na dapat malinang, sa kakayahan ng kaniyang mag-aaral, at sa oras na nakalaan sa aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| | Inyong natutuhan sa nakaraang aralin na ang pagkakaibigan ay nagbubukas ng bagong pananaw na naglalagay ng liwanag sa iba't ibang aspekto ng buhay, nagpapalawak ng kaalaman, at nagbibigay-daan sa mas malalim na pang-unawa sa iba't ibang perspektiba. Ito ay nagbibigay-daan sa pagtataguyod ng mas makatarungan at mas payapang lipunan. Naipapamalas ito sa pamamagitan ng pag-unawa at paggalang sa mga kaugalian ng kapuwa na nakaugat sa pananampalataya na siyang paksa ng susunod na aralin. | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **I. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Pamprosesong Katanungan:**<br>1. Nahirapan ba kayo sa pagtukoy kung alin ang paniniwala ng bawat relihiyon?<br>2. Ano ang naging konsiderasyon sa pagtukoy?<br>3. Ano ang mga pagkakatulad sa pagitan ng iba't ibang paniniwala sa relihiyon? Ano ang mga pagkakaiba sa paniniwala?<br>4. Ano ang napansin sa resulta? Mas marami ba ang magkakaiba o ang magkakatulad na paniniwala? Ano ang naging reaksiyon mo?<br>5. May epekto ba ang mga pagkakaiba at pagkakatulad ng paniniwala sa ugnayan ng tao? Ipaliwanag ang sagot.<br><br>**II. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>Tukuyin ang inilalarawan sa bawat pahayag. | **Gawain 1:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>Maaaring gamitin ang *Venn Diagram* o *Checklist.*<br>**Gawain 2:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>Ipaliwanag na sa araling ito ay matututuhan na sa kabila ng pagkakaiba sa mga kaugalian dahil sa magkakaibang paniniwala ay may mga paraan upang maging mapayapa ang pamumuhay sa pamayanan.<br>**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>Mga Sagot: 1. Eid al-Fitr 2. Torah<br>3. Salah 4.Kuwaresma 5.Matzah 6. Bibliya |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Mapayapang Ugnayan: Bunga ng Paggalang sa mga Kaugalian ng Kapuwa na Nakaugat sa Pananampalataya**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang paggalang ay ang kakayahang pahalagahan at parangalan ang iba, kahit na hindi magkapareho ng pananaw, pagpapahalaga, pananamplataya, pag-uugali, kasarian, o opinyon, at anoman ang kanilang mga indibidwal na katangian. Ang paggalang ay nangangahulugan ng pagtanggap sa iba at | |

pagtrato sa kanila nang may dignidad (Clara, 2023). Ang paggalang sa isa't isa ay nagiging daan sa masaya at mapayapang pamumuhay sa mundong puno ng mga taong may iba't ibang relihiyon, paniniwala, at pagpapahalaga. Ang pagpapakita ng paggalang ay maaaring madaling gawin para sa iba, subalit nagsisilbing hamon para sa iba. Ang kailangan lang nating gawin ay tratuhin ang ibang tao sa paraang gusto natin na tratuhin nila tayo. Ang paggalang ay *give-and-take* na dapat gawin bilang mga anak ng Diyos. Kung gusto natin ng respeto mula sa iba, dapat tayong maging handa upang igalang din ang iba. Ang ating paggalang sa kaugalian ng iba ay nag-uugat sa ating kalayaan sa pagpili ng relihiyon. Ayon sa artikulo na *Religious Freedom Brings Peace, and Not Just World Peace* (2020), ang kagandahan ng kalayaan sa relihiyon ay ang pagbibigay nito ng tamang pananaw upang tingnan ang iba. Sa halip na husgahan ang mga paniniwala ng iba, itinataguyod nito ang ideya na ang lahat ay nilikhang pantay-pantay at dapat ibigay nang walang pagtatangi o diskriminasyon, lahat ng naisin ng kanilang espirituwal at relihiyosong pag-asa. Muli, ang karapatang pantao ng karapatan sa relihiyon ay nagbibigay sa lahat ng karapatan, nang walang pagkiling, na maniwala o hindi maniwala. Sa alinmang paraan, ito ay nagbibigay daan sa atin na igalang ang dignidad ng ating kapuwa. May mga mungkahing paraan sina Church at Carreau (2023) kung paano igalang at maging bukas sa lahat ng paniniwala.

**1. Magmasid nang personal sa ibang pananampalataya.**

Ang pagmamasid sa isang seremonya o serbisyo ay maaaring magbigay ng mas malawak na pananaw. Kung mayroon kang mga kaibigan na may iba't ibang paniniwala, magsimula doon. Tingnan kung paano naiiba ang kanilang mga tradisyon sa iyo at alamin ang tungkol sa mga relihiyosong seremonya sa pamamagitan nila.

**Itanong:** Sa iyong pagmamasid, paano mo maipapakita na bukas ka sa pagtanggap sa iba't ibang pananampalataya?

**2. Maghanap ng mga pagkakatulad ng ibang paniniwala.**

Bagama't magkakaiba ang mga detalye, karamihan sa mga relihiyon ay may magkatulad na mga pangunahing pagpapahalaga. Mula sa Kristiyanismo, Islam, at Hudaismo hanggang sa Hinduismo at higit pa, ang bawat relihiyon ay nagtuturo ng mabuting moral sa mga tagasunod nito. Mas madaling igalang ang lahat ng paniniwala kapag naiintindihan mo na ang bawat

| | | |
|---|---|---|
| | relihiyosong tao ay nagsisikap na maging pinakamahusay na bersiyon ng kanilang sarili, katulad ng mga hindi relihiyoso.<br>**Itanong:** Ano ang mga pangunahing pagkakatulad ng iba't ibang pananampalataya?<br>**3. Hanapin ang mga dahilan sa likod ng mga paniniwala ng isang tao.**<br>Ang bawat isang mananampalataya ay may wastong dahilan para maniwala sa kanilang ginagawa. Isa sa mga dahilang ito ay ang kanilang kinalakihang pamilya. Ang iba ay dahil sa isang trahedya sa kanilang buhay o nakahanap ng espesyal na kahulugan sa isang partikular na espirituwal na kasanayan. Kung naiintindihan mo kung bakit gustong mamuhay ng mga tao sa isang tiyak na paraan, mas madaling igalang ang relihiyon sa kabuoan.<br>**Itanong:** Paano mo masasabi na ang isang paniniwala ay mayroong malalim na kahulugan para sa isang tao?<br>**4. Maging maingat at maalalahanin sa pagtatanong.**<br>Kung may paniniwala kang nais matutuhan at may kaibigang handang magturo, kumonsulta sa kanila para sa kaalaman. Tandaan na hindi trabaho ng ibang tao na turuan ka tungkol sa kanilang mga paniniwala. Gayunpaman, maaari mong tanungin ang isang kaibigan kung handa silang makipag-usap sa iyo tungkol dito. Hangga't nagtatanong ka nang magalang at nagpapakita ng tunay na pagnanais na turuan ang iyong sarili, malamang na matutuwa silang tumulong.<br>**Itanong:** Ano-ano ang mga maaaring itanong tungkol sa kaugalian ng iba na nag-uugat sa pananampalataya?<br>**5. Makinig sa iba nang walang paghuhusga.**<br>Hayaang ipaliwanag ng iba ang kanilang pananampalataya nang hindi sila ginagambala o nagtatanggol. Makinig sa sinasabi ng iba at bigyang-pansin ang kanilang mga salita, tono, at damdamin kapag tinatalakay ang kanilang relihiyon. Makatutulong ito na maunawaan at sa kabilang banda, igalang ang iba pang mga paniniwala.<br>**Itanong:** Paano mo hahamunin ang iyong sarili na hindi maging mapanghusga sa mga nakikitang magkakaibang pananampalataya?<br>**6. Gumawa ng bukas na diyalogo.**<br>Iwaksi ang lahat ng iyong mga pagpapalagay at yakapin ang iyong pagkamausisa. Ipaliwanag ang iyong sariling mga paniniwala nang hindi sinusubukang hikayatin o doktrinahan ang sinoman, at gumamit ng *inclusive dialogue* para sa lahat ng relihiyon kapag nagsasalita ka. | **Maghanap ng mga pagkakatulad ng ibang paniniwala.**<br>Maaaring balikan ang gawain at mga larawang ginamit sa paghawan ng bokabularyo. Magdagdag ng iba pang paniniwala ng karamihan sa sariling komunidad.<br><br>**Maging maingat at maalalahanin sa pagtatanong.**<br>Maaaring mag-ensayo kung paano ang tamang tono ng pagtatanong. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Itanong:** Bilang isang mag-aaral paano mo maisusulong ang *interfaith dialogue* at pagkakaunawaan sa inyong silid-aralan?<br>**7. Kontrolin ang iyong emosyon.**<br>Manatiling kalmado at labanan ang pagnanais na makipagtalo tungkol sa paniniwala at kaugalian ng iba. Madaling sumiklab ang galit at magkaroon ng mga depensa kapag pinag-uusapan ang tungkol sa mga paniniwala at ang pakikinig sa mga taong naglalarawan sa kanila. Paalalahanan ang iyong sarili na ang lahat ay may karapatan sa mga personal na paniniwala at opinyon, tulad mo. Tumugon lamang kapag maaari mong gawin ito nang kalmado at may kabaitan.<br>**Itanong:** Sa pakikisalamuha sa mga taong iba ang paniniwala at kaugalian sa'yo, ano ang madalas na nararamdaman mo? Paano mo pinamamahalaan ito?<br>**8. Humanap ng *common ground* sa labas ng relihiyon.**<br>Habang nakikilala mo ang mga tao mula sa ibang mga relihiyon, maghanap ng mga pagkakatulad na turo sa iyong relihiyon. Halimbawa ay ang pagkakaroon ng iisang Diyos.<br>**Itanong:** Bakit mahalagang mas bigyang-pansin ang pagkakatulad kaysa pagkakaiba?<br>**9. Ilagay ang sarili sa kalagayan ng iba.**<br>Tanungin ang iyong sarili kung ano ang mararamdaman mo kung hindi nila iginagalang ang iyong pananampalataya. Kapag inilagay mo ang iyong sarili sa kalagayan ng mga taong sumusunod sa iba't ibang paniniwala (o sa mga hindi naniniwala sa anomang relihiyon), mauunawaan mo kung bakit mahalaga ang paggalang sa lahat ng paniniwala. Tumutok sa pagiging mabait, magalang, at pakikitungo sa mga tao kung paano mo gustong tratuhin. Kung magpapakita ka ng paggalang sa iba, magpapakita sila ng higit na paggalang sa iyo bilang kapalit.<br>**Itanong:** Ano ang kadalasang reaksiyon mo kapag hindi naiintindihan ng ibang tao ang iyong pananampalataya?<br>**10. Gumawa ng ilang pananaliksik.**<br>Ang pag-aaral tungkol sa ibang mga paniniwala ay nakakatulong na palawakin ang pananaw sa mundo. Makakatulong ang ilang simpleng pananaliksik na maunawaan kung bakit pinaniniwalaan ng mga tao ang kanilang pinaniniwalaan at kung anong mga prinsipyo ang itinatag ng bawat relihiyon. Isipin ang mga tanong na gusto mong masagot tungkol sa iba pang | |

| | | |
|---|---|---|
| | mga paniniwala, at magsagawa ng pananaliksik upang punan ang mga blangko.<br>**Itanong:** Kung sa iyong pananaliksik, natuklasan mong taliwas at mali ang paniniwala ng isang relihiyon, ano ang iyong gagawin? Paano ipapakita ang paggalang sa mga kasapi nito?<br>**11. Pagsulong sa pagiging inklusibo.**<br>Gamit ang mga pagdulog na nakabatay sa karapatang pantao, malalabanan ang intolerance, diskriminasyon, pag-uudyok sa karahasan, at *stigmatization* ng mga indibidwal batay sa kanilang relihiyon o paniniwala. Ayon sa hindi malilimutang wika ni Nelson Mandela "Walang ipinanganak na napopoot sa ibang tao dahil sa kulay ng kaniyang balat, ang kaniyang background, o ang kaniyang relihiyon." Bilang karagdagan, walang sinuman ang ipinanganak na alam kung paano pamahalaan ang pagkakaiba-iba ng relihiyon. Binibigyang-diin ng mga katotohanang ito ang kahalagahan ng inklusibong pag-aaral sa pananampalataya at karapatang pantao (OHCRH. (n.d.).<br>**Itanong:** Sumasang-ayon ka ba sa winika ni Nelson Mandela? Bakit? Paano ka makatutulong sa paglikha ng mas inklusibong komunidad sa kabila ng pagkakaiba ng mga kaugalian dahil sa paniniwala?<br>Sa kabuoan, ang pagtataguyod ng kalayaan sa relihiyon ay makatutulong na mabawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay at magsisilbing daan upang mapaunlad ang isang mas makatarungan at pantay na lipunan. | |
| | **IKALAWANG ARAW**<br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Halo-Halo**<br><br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Pasalitang Tula**<br>Isipin ang isa o dalawang kaibigan o kakilala na may ibang panini~~n~~wala sa'yo. Itala ang mga ginawa o ginagawa ninyo upang mapanatili ang mabuting ugnayan sa kabila ng pagkakaiba n'yo ng paniniwala at kaugalian. Gawan ito ng isang binibigkas na tula (*spoken poetry)* ayon sa sumusunod na pamantayan ng rubrik:<br>7 puntos - Kaugnayan sa Paksa<br>8 puntos – Pagpapahayag | **Gawain 3:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Pagsulong sa pagiging inklusibo.**<br>Maaaring talakayain ang mga probisyon na nakasaad sa resolusyon 17/225 noong Disyembre 15 2022, sa United Nations General Assembly na mababasa sa link:<br>OHCHR. (n.d.). *Combating intolerance against persons based on religion or belief.* |

| | | |
|---|---|---|
| | 5 puntos – Orihinalidad<br>20 puntos – Kabuoang Puntos<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Pagsasakilos sa mga Wastong Tugon sa mga Kaugalian ng Kapuwa na Nakaugat sa Pagkakaiba-iba ng Sistema ng Pananamplataya**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Mga Wastong Tugon sa mga Kaugalian ng Kapuwa**<br>Pag-usapan sa klase ang mga tamang pagkilos na nagpapakita ng paggalang at pagiging sensitibo sa pananampalataya ng iba. Ang pag-unawa kung ano at paano ipinagdiriwang ang mga kaugalian at tradisyon na nag-uugat sa paniniwala sa relihiyon ay isang pundasyon para sa paggalang sa mga ito (Hahn, 2023). Narito ang ilan sa mga maaaring gawin.<br><br>**Ramadan**<br>Ang Ramadan ay ang pinakabanal na buwan sa kalendaryong Islamiko. Ito ay buwan ng pag-aayuno at nagtatapos sa Eid al-Fitr. Depende sa kanilang edad, ang mga batang Muslim ay maaaring mag-aayuno din mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito. Kabilang dito ang pagkain, likido, at maging ang gamot. Narito ang ilang maaaring tandaan: Maging sensitibo sa pagkain kung sakaling ang ilan sa mga kaklase ay nag-aayuno. Igalang kung may kamag-aral na nais magpalipas ng oras sa tanghalian sa isang alternatibong lugar.<br>**Itanong:** Kung ikaw ay nagugutom, gusto mo bang magpalipas ng tanghalian sa panonood ng lahat ng iyong mga kaibigan na kumakain?<br>Maging maingat sa panahon ng matinding pisikal na aktibidad. Ang mga aktibidad sa *sports* at *recess* ay maaaring mapanganib para sa mga mag-aaral na nag-aayuno sa mahabang araw.<br><br>**Paskuwa *(Passover)***<br>Ang Paskuwa, na tinatawag ding *Pesach*, ay isa sa pinakamahalaga at malawak na ipinagdiriwang na pista ng mga Hudyo. Ang Paskuwa ay ginugunita ang Biblikal na kuwento ng Exodo - kung saan pinalaya ng Diyos ang mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Ehipto. Ang pagdiriwang ng Paskuwa ay itinakda sa aklat ng Exodo sa Lumang Tipan (sa Hudaismo, ang | https://www.ohchr.org/en/minorities/combating-intolerance-against-persons-based-religion-or-belief |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>unang limang aklat ni Moises ay tinatawag na Torah). Ang Paskuwa ay isang holiday na nakatuon sa pamilya kung saan ang mga Hudyo ay umiiwas sa pagkain ng tinapay na may lebadura at kumakain ng mga espesyal na pagkain, tulad ng matza. Narito ang ilang mga tip na dapat tandaan: Maging sensitibo sa paligid ng pagkain. Depende sa kanilang antas ng pagsunod, ang mga mag-aaral ay maaaring umiwas hindi lang sa tinapay. Halimbawa, maging sensitibo sa mga birthday cake o anomang iba pang aktibidad na nauugnay sa pagkain. Igalang ang oras ng kanilang panalangin at pagmumuni-muni. Ang Paskuwa ay isang holiday na may kasamang mas mahabang panalangin.<br>Itanong: May katumbas ba na pagdiriwang ang Paskuwa sa inyong relihiyon o paniniwala? Bukod sa halimbawang naibigay, ano pa ang mga maaaring gawin upang maipakita ang paggalang sa pagdiriwang ng iba sa Paskuwa?<br><br>Kuwaresma<br>Ang Kuwaresma ay pag-alaala sa pag-aalay ng buhay at sakripisyong ginawa ng Panginoong Hesus sa kalbaryo para sa kaligtasan ng sanlibutan. Ginugunita dito ang kamatayan at muling pagkabuhay Niya. Isang yugto ito kung saan ipinapakita ng maraming Kristiyano ang kanilang pagmamahal at dedikasyon sa Diyos. Ang ilan ay humihinto sa paggawa ng mga partikular na bagay o pagkain na kanilang kinagigiliwan. Narito ang ilang mga tip na dapat tandaan: Maging sensitibo sa pagkain at iba pang aktibidad. Ang ilang Kristiyano ay maaaring mahikayat na isakripisyo ang isang bagay na karaniwan nilang tinatamasa (abstinence) sa panahon ng Kuwaresma. Maaaring ito ay tsokolate, palakasan, o panonood ng mga palabas sa telebisyon. Igalang ang kanilang oras para sa panalangin at pagmumuni-muni. Ang Kuwaresma ay isang yugto ng panahon para sa pagsisiyasat ng sarili at pagdarasal. Ang mga mag-aaral ay maaaring mangailangan ng oras upang manalangin o dumalo sa mga espesyal na kaganapan sa kanilang simbahan.<br>Itanong: Para sa'yo, ano ang kahulugan ng pagsasakripisyo sa panahon ng Kuwaresma?<br><br>II. Pinatnubayang Pagsasanay<br>Interfaith Dialogue</td>
<td>Interfaith Dialogue<br>Upang lalong maintindihan ng mga mag-aaral ang kaugalian ng kanilang</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Pumili ng isa o dalawang magsisilbing tagapagdaloy at isa o dalawang kinatawan sa bawat sekta o relihiyon na magsisilbing tagapagsalita sa idaraos na *forum*. Itatanong ng tagapagdaloy ang sumusunod:<br>1. Ano ang sinasabi ng iyong pananampalataya tungkol sa pagtanggap sa bisita at pagtugon sa mga pangangailangan ng iba?<br>2. Paano hinubog ng iyong pananampalataya ang iyong sariling saloobin sa pagtrato sa mga nagugutom, walang tirahan, mahirap, maysakit, o nakakulong?<br>3. Paano itinuturo ng iyong pananampalataya ang paggalang sa buhay at paggalang sa katawan ng tao?<br>4. Paano nakatutulong sa iyo ang tradisyon ng iyong pananampalataya na makilala ang mga talento na ibinigay sa iyo?<br>5. Paano nagtitipon ang mga tao sa tradisyon ng iyong pananampalataya upang sumamba, at kung anong mga uri ng relihiyosong mga bagay na nangyayari sa mga espesyal na araw ng relihiyon? | mga kaklase, magdaos ng isang *forum* or *interfaith dialogue*. Gawing gabay ang mga katanungan. Magsagawa ng *survey* upang malaman ang iba't ibang paniniwala ng mga mag-aaral. |
| | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Kampanya Gamit ang Larawan (*Photo Campaign*)**<br>Maghanda ng isang *photo booth* at mga gagamitin gaya ng mga *placard* na may nakalagay na gaya ng sumusunod: Mas maganda tayong magkasama. (*We are better together*) #*peacemaker*<br>Ako ay isang tagapamagitan/Ako ay tagabuo ng tulay. *(I'm a bridge builder)*<br><br><br>Gawin itong kaganapan sa *social media*. I-*post* ang sariling mga larawan gamit ang isang nakabahaging *(shared) hashtag*. | **Kampanya Gamit ang Larawan (*Photo Campaign*)**<br>Maaaring magpagawa ng iba pang *hashtag* o *tag line* na gagamitin sa *photo booth*.<br><br>Maaari ring mag-isip ng alternatibong gawain gaya ng pagpapalabas ng pelikula (*film showing*), proyektong pagseserbisyo, atbp. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Paano nakatutulong sa mapayapang ugnayan ang paggalang sa mga kaugalian ng kapuwa na kaiba sa iyo?<br>________________________________________<br>Ano ang ibig sabihin ng maayos na pamumuhay nang magkasama?<br>________________________________________<br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Bilang isang mag-aaral, paano mo hihikayatin ang iyong mga kamag-aral, kaibigan, at kapamilya na igalang ang pananampalataya ng iba?<br>________________________________________<br>Paano mo isasabuhay, nang may pangako at integridad, ang iyong pananampalataya/paniniwala sa isang lipunan na magkakaiba ang pananampalataya?<br>________________________________________ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Piliin ang titik ng tamang sagot.<br>1. Bakit mahalagang igalang ang mga kaugalian na nag-uugat sa pananampalataya ng iba?<br>A. Ito ay isang legal na obligasyon.<br>B. Itinataguyod nito ang pagkakaisa at kapayapaan.<br>C. Ito ay nakahihikayat sa ibang magbigay-galang.<br>D. Nagbibigay kasiyahan sa gumagawa nito.<br>2. Ano ang "*interfaith dialogue*"?<br>A. Bukas na pag-uusap sa pagitan ng iba't ibang paniniwala.<br>B. Pinagtatalunan ang kahigitan ng isang pananampalataya sa iba.<br>C. Pagtatanggol sa kinalakhang pananampalataya.<br>D. Paghikayat sa iba na maniwala sa iyong sariling pananampalataya.<br>3. Paano mo maipapakita ang paggalang sa ibang paniniwala ng isang tao?<br>A. Inaalam ang kanilang mga gawi.<br>B. Hinihikayat silang sumama sa iyong sariling pananampalataya.<br>C. Hindi pagpansin sa kanilang mga pagdiriwang upang hindi mapintasan.<br>D. Nagtatanong nang maalalahanin at aktibong nakikinig. | Pagsusulit:<br>1. B<br>2. A<br>3. D<br>4. B<br>5. D |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">4. Bakit mahalagang isaisip ang kalayaan sa relihiyon?<br>A. Upang matiyak na may isang relihiyon para sa lahat.<br>B. Upang igalang ang karapatan ng mga indibidwal na pumili ng sariling pananampalataya.<br>C. Upang alisin ang lahat ng mga gawaing panrelihiyon.<br>D. Upang pigilan ang anomang anyo ng pagpapahayag ng pananampalataya.<br>5. Sa anong paraan maaaring itaguyod ang pagkakaisa sa kabila ng iba't ibang kaugalian dahil sa pananampalataya?<br>A. Ihiwalay ang sarili sa mga taong may iba't ibang pananampalataya.<br>B. Pagtibayin ang iisang pananampalataya.<br>C. Pagharap at paghamon sa ibang mga pananampalataya.<br>D. Nakikibahagi sa bukas at magalang na pakikipag-usap sa mga taong may iba't ibang relihiyon.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>Sa inyong dyornal, gumawa ng isang pagninilay sa pamamagitan nang pagsagot sa sumusunod na tanong: Maliban sa paggalang sa paniniwala ng iba, ano pa ang mahalagang impluwensiya ng relihiyon at pananampalataya sa iyong buhay at pakikitungo sa iba?</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *Paano naapektuhan ng aking pananampalataya ang ginamit kong mga estratehiya?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Paano ginampanan ng mga mag-aarala ang kanilang tungkulin sa bawat Gawain?*<br><br>*Nakapagpatatag ba ng pananampalataya ng mga mag-aaral at nagdulot ba ng kaayusan ang mga gawain?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang mas mainam na paraan ng pagtuturo sa araling ito sa susunod?* | |